Fred Hutch
Cancer Center

Patakaran sa Tulong Pinansyal para sa Pasyente ng Fred Hutchinson Cancer Center
Appendix II – Mga Pamantayan para sa Naka-tier na Mga Gawad para sa Tulong Pinansyal

Alinsunod sa WAC 246-453-040, ang laki at kita ng pamilya ng Aplikante ay susuriin at tutukuyin ang Porsiyento ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL), ang porsyentong ito ang magpapasiya sa antas ng tulong pinansyal na igagawad batay sa petsa ng serbisyo. Magiging kwalipikado ang mga aplikante (mga pasyente o kanilang mga tagagarantiya) para sa tulong pinansiyal para sa bahagi ng responsibilidad ng pasyente ng kanilang mga singil sa ospital na katumbas ng hindi nabayarang natitirang balanse pagkatapos maubos ang lahat ng pinagmumulan ng third party na coverage at sponsorship.

Para sa medikal na kinakailangang pangangalaga bago ang Hulyo 1, 2022, isasaalang-alang ng Fred Hutchinson Cancer Center ang mga pasyente para sa Tulong Pinansyal at pangangalaga sa kawanggawa sa ilalim ng patakarang ito, kapag naubos na ang third-party na coverage, kung mayroon man, batay sa sumusunod na mga pamantayan at ibabatay ang pagpapasiya sa kanilang kita na isinasaayos para sa laki ng pamilya, sa mga sumusunod na halaga:

- hindi hihigit sa 300% ng FPL ang kita, magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa buong (100%) halaga.

Para sa medikal na kinakailangang pangangalaga noong o pagkatapos ng Hulyo 1, 2022, isasaalang-alang ng Fred Hutchinson Cancer Center ang mga pasyente para sa tulong pinansyal at pangangalaga sa kawanggawa sa ilalim ng patakarang ito, kapag naubos na ang third-party na coverage, kung mayroon man, batay sa sumusunod na mga pamantayan at ibabatay ang pagpapasiya sa kanilang kita na isinasaayos para sa laki ng pamilya, sa mga sumusunod na halaga gaya ng tinukoy ng RCW 70.170;

- hindi hihigit sa 300% ng FPL ang kita, magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa buong (100%) halaga.
- nasa pagitan ng 301% at 350% ng FPL ang kita, magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal na may 75% diskwento.
- nasa pagitan ng 351% at 400% ng FPL ang kita, magiging kwalipikado para sa tulong pinansyal na may 50% diskwento.